San Francisco Department of Public Health

Gabay

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) para sa Pangangampanya sa Halalan

NA-UPDATE NOONG Setyembre 21, 2020

Ang sumusunod na FAQ ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) para sa paggamit ng audience na inilalarawan sa ibaba at ipo-post ito sa http://www.sfcdcp.org. Ipinapaliwanag ng Mga FAQ na ito kung paano nalalapat ang mga lokal na kautusan sa kalusugan sa mga aktibidad sa pangangampanya sa halalan. Ang FAQ na ito ay nakabatay sa paglalapat ng kasalukuyang Kautusan sa Kalusugan na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay (Stay Safer at Home Health Order) (No. C19-07i) at mga nauugnay na kautusan at direktiba ng Opisyal sa Kalusugan ng San Francisco hinggil sa COVID-19. Puwedeng magbago ang impormasyon batay sa mga pag-amyenda sa mga kautusan at direktibang iyon.

AUDIENCE: Mga opisyal at kawani sa kampanya na nauugnay sa pangangampanya sa halalan, o mga indibidwal na kasali sa mga aktibidad ng isang kampanya sa eleksyon tulad ng mga boluntaryo o donor.

Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay mula sa 08/24/2020 na Bersyon

Na-update ang Mga FAQ upang ipakita ang mga pagbabago sa Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07i, na tinatawag ding Kautusang Mas Ligtas sa Bahay.

- Posibleng kasama sa mga pagbabago ang:
    - Ang mga opisina ng kampanya ay pinapayagang magbukas nang may isang tao sa opisina, sa isang pagkakataon. Isa pang indibidwal ang puwedeng pumasok nang sandali.
    - Karagdagang Q&A para sa mga kawani at boluntaryo sa kampanya, na nagtitipon sa publiko.

Mga Madalas Itanong

Pinapayagan ba ang mga aktibidad sa kampanya?

- Ang mga aktibidad sa kampanya ay mahalagang paraan para hikayatin ang publiko na bumoto. Sa kasamaang palad, maraming aktibidad ng kampanya ang nangangailangan ng pagtitipon ng mga tao, na posibleng humantong sa transmisyon ng virus na nagdudulot ng COVID-19. Maraming aktibidad ng kampanya ang puwedeng gawin nang malayuan o sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan na umiiwas sa personal na pakikipag-ugnayan. Tumingin sa ibaba para sa gabay kung paano matitiyak ang mas ligtas na aktibidad ng kampanya sa panahong ito.

Puwede bang magbukas ang mga headquarter ng kampanya para sa mga boluntaryo at tauhan, para magtipon kapag mayroong mga walk-in?

- Na-update ang Kautusang Manatiling Mas Ligtas sa Bahay para payagan ang mga opisina ng kampanya na katamtamang mabukas at dapat sumunod sa gabay:

- Ang isang indibidwal ay puwedeng nasa loob ng opisina ng kampanya o iba pang politikal na opisina. Isa pang indibidwal sa isang pagkakataon ang puwedeng pansamantalang pumasok sa opisina o pasilidad, gaya ng maikling pulong o pag-pick up o pag-drop off ng mga materyales.
- Ang lahat ng indibidwal sa pasilidad ay dapat magsuot ng Takip sa Mukha gaya ng iniaatas ng Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-12c, maliban sa mga indibidwal na may exemption. Dapat subukan ng mga batang 2 hanggang 9 na taong gulang na magsuot ng takip sa mukha, kapag posible.
- Dapat panatilihing nakabukas ang mga pinto at bintana hangga't posible, at dapat ay gumagana ang mga system ng mekanikal na bentilasyon (kapag mayroon), para mapahusay ang bentilasyon.
- Ang pasilidad ay dapat bumuo ng mga protokol para sa madalas na paglilinis at pag-disinfect ng mga surface na madalas gamitin at lugar na madalas puntahan gaya ng mga lobby, hallway, at opisina.
- Dapat magpaskil ng karatula sa bawat pasukan ng publiko para ipaalam sa lahat ng indibidwal na dapat nilang iwasan ang pagpasok sa lokasyon kung mayroon silang ubo o lagnat, magpanatili ng minimum na anim na talampakang distansya mula sa isa't isa habang nasa pasilidad o lokasyon, magsuot ng Takip sa Mukha sa lahat ng oras, at hindi makipagkamay o maugnay sa anumang hindi kinakailangang pisikal na contact (available ang mga halimbawang karatula online sa https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19).
- Ang pasilidad o opisina ay dapat sumunod sa Mga Ipinag-aatas sa Social Distancing na nakatakda sa Seksyon 15.k ng Kautusan Blg. C19-07i—at gumawa, magpaskil, at magpatupad ng Protokol sa Social Distancing (Appendix A ng Kautusan Blg. C19-07i).

Pinapahintulutan ba ang mga indoor o outdoor na rally?

- Hindi pinapahintulutan ang mga indoor na rally.
- Ang mga outdoor na rally ay itinuturing na “mga outdoor na pagtitipon” at pinapayagan ang mga ito alinsunod sa mga sumusunod na ipinag-aatas:
  - Limitado sa hindi lalampas sa 12 tao sa kabuuan.
  - Ang lahat ng 10 taong gulang pataas ay dapat magsuot ng takip sa mukha, maliban sa mga indibidwal na may mga exemption. Dapat subukan ng mga batang 2 hanggang 9 na taong gulang na magsuot ng takip sa mukha, kapag posible.
  - Ang mga kalahok ay dapat magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa mga hindi nila kasama sa bahay.

Ano ang inirerekomenda para sa mga event sa fundraising?

- Hindi pinapayagan ang mga indoor na personal na fundraiser.
- Ang mga outdoor na personal na fundraiser ay itinuturing na “mga outdoor na pagtitipon” at pinapayagan ang mga ito alinsunod sa mga sumusunod na ipinag-aatas:

- Limitado sa hindi lalampas sa 12 tao.
- Ang lahat ng 10 taong gulang pataas ay dapat magsuot ng takip sa mukha, maliban sa mga indibidwal na may mga exemption. Dapat subukan ng mga batang 2 hanggang 9 na taong gulang na magsuot ng takip sa mukha, kapag posible.
- Ang mga kalahok ay dapat magpanatili ng anim na talampakang layo mula sa mga hindi nila kasama sa bahay.

- Puwedeng isagawa nang malayuan ang mga event sa fundraising, gaya ng sa pamamagitan ng application sa video-conferencing.

Pinapayagan ba ang pag-coordinate sa mga boluntaryo?

- Pinapayagan ang pag-coordinate ng mga boluntaryo kung ang pagsasanay/pag-coordinate ay nangyayari outdoors, limitado sa 12 o mas kaunti pang tao (kasama ang mga kawani) kada sesyon, may suot na takip sa mukha ang lahat (maliban sa mga exempted), at nananatili ang lahat nang hindi bababa sa anim na talampakan mula sa mga hindi nila kasama sa bahay. Bilang alternatibo, puwedeng gawin nang malayuan ang pagsasanay at pag-coordinate.

Ano ang pinapahintulutan kapag ang mga boluntaryo/kawani ng kampanya ay nagbabahay-bahay para makipag-usap sa mga residente, tumutukoy ng mga supporter at/o paalalahanan sila na bumoto?

- Pinapayagan ang mga pagbabahay-bahay kung ginagawa ito outdoors nang may social distancing, limitado sa mga panggrupong interaksyon na hindi lalampas sa 12 tao, at nakasuot ng takip sa mukha ang lahat. Para protektahan ang kalusugan ng mga residente ng Lungsod, hindi dapat sumali sa pagbabahay-bahay ang mga hindi makakapagsuot ng takip sa mukha dahil sa kanilang edad o isang kwalipikadong dahilan sa kalusugan. Hindi pinapayagan ang pagbabahay-bahay sa mga gusali ng apartment o condominium. Hinihikayat ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) ang pagbabahay-bahay, dahil ang kasanayang ito ay posibleng hindi kumportable sa ibang residente dahil sa pagtaas ng bilang ng kaso ng COVID-19 sa komunidad.

Pinapayagan ba ang mga boluntaryo/kawani sa kampanya na magsabit ng mga materyales ng kampanya sa pinto ng mga bahay at/o hilingin sa mga merchant o may-ari ng property na magpakita ng karatula sa kampanya?

- Oo. Ang mga kalahok sa kampanya ay puwedeng magsabit ng mga materyales sa kampanya sa pinto ng mga bahay. Ang mga kalahok sa kampanya ay puwede ring lumapit sa mga merchant at may-ari ng property para humingi ng pahintulot na magpaskil ng mga karatula ng kampanya sa pribadong property. Kapag nagtatanong sa mga negosyo, dapat sumunod ang mga kalahok ng kampanya sa mga kasalukuyang protokol para sa mga taong pumapasok sa mga negosyo. Bukod para sa mga ipinag-aatas sa pagtatakip ng mukha at sa iba pang ipinag-aatas na gabay sa social distancing at kalinisan, paalalahanan ang mga kalahok ng kampanya na magdala ng hand sanitizer para gamitin kapag walang available kaagad na istasyon sa paghuhugas ng kamay.

- Isaalang-alang ang mga alternatibo sa pamimigay at pagdadala ng mga materyales, kasama ang pag-pick up sa isang outdoor na lokasyon o paggawa ng high-resolution at nada-download na mga print-at-home na materyales.

Pinapayagan bang magtipon-tipon sa publiko ang mga boluntaryo/kawani ng kampanya para mangampanya at/o makipag-usap sa mga nasasakupan, gaya ng mga transit stop at/o farmer's market?

- Ang mga outdoor na personal na event ay itinuturing na "mga outdoor na pagtitipon" at pinapayagan ang mga ito alinsunod sa mga sumusunod na ipinag-aatas:
    - Limitado sa hindi lalampas sa 12 tao.
    - Ang lahat ng 10 taong gulang pataas ay dapat magsuot ng takip sa mukha, maliban sa mga indibidwal na may mga exemption. Dapat subukan ng mga batang 2 hanggang 9 na taong gulang na magsuot ng takip sa mukha, kapag posible.
    - Ang mga kalahok ay dapat magpanatili ng anim na talampakang layo mula sa mga hindi nila kasama sa bahay.
    - Tiyaking ang lahat ng pasukan o labasan ay nananatiling walang harang, at may anim na talampakang pagitan sa lahat ng kalahok.
    - Ang mga event ay puwedeng gawin nang malayuan, gaya ng sa pamamagitan ng videoconferencing, kung naaangkop.
- Isaalang-alang ang mga alternatibo sa pamimigay ng dokumento ng kampanya o iba pang materyales, kasama ang paggawang available ng stack para sa pag-pick up ng publiko sa isang outdoor na lokasyon o paggawa ng high-resolution at nada-download na mga print-at-home na materyales.

Pinapahintulutan ba ang phone banking?

- Ang pagtitipon indoors kasama ang mga taong hindi mo kasama sa bahay sa phone bank (para tawagan ang mga residente hinggil sa isang kampanya) ay hindi pinapahintulutan. Dapat isagawa nang malayuan ang phone banking.

Mga Mapagkukunan

- Mga Tip at FAQ sa Outdoor na Pagtitipon ng SFDPH
    - https://www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/Gatherings-Tips.pdf
- San Francisco Department of Public Health (SFDPH)
    - https://www.sfcdcp.org/covid19
- Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
    - https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/communication/guidance-list.html

- Mga takip sa mukha sa San Francisco
    - https://sf.gov/information/masks-and-face-coverings-coronavirus-pandemic
- Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07i
    - https://www.sfdph.org/dph/alerts/files/C19-07i-Shelter-in-Place-Health-Order.pdf